

Minamahal na mga Magulang/Tagapag-alaga,

Kagaya ng nalalaman ninyo, inihayag ng Canadian Union of Public Employees (CUPE) na ang mga kasapi nito ay gagawa ng karagdagang aksyon sa trabaho sa **Lunes, Oktubre 7, 2019**, kung ang isang bagong pangkalahatang kasunduan ay hindi naabot sa pamamagitan ng mga pakikipag-ayos sa lalawigan at sa Mga Samahan ng Konseho ng mga Tagapangasiwa (Council of Trustees Associations). **Ang bagong aksyon sa trabaho ay magiging isang ganap na pag-aalis ng mga serbisyo, na kilala rin bilang isang welga o pag-alis (walk-out)**. Mahigit sa 18,000 mga empleyado ang hindi papasok sa trabaho ayon sa tagal ng pagwewelga, na halos kalahati ng mga empleyado ng Lupon ng Paaralan ng Distrito ng Toronto (Toronto District School Board). Ang karamihan sa mga empleyadong ito ay nagtatrabaho sa mga paaralan.

Kung ang aksyon sa trabahong ito ay umpisahan gaya nang nakatakda, **ang lahat ng mga paaralan ay isasara ng Lupon para sa lahat ng mga mag-aaral sa Lunes, Oktubre 7, 2019 at ayon sa tagal ng aksyon sa trabaho**. Habang nauunawaan namin na ito ay isang mapanghamon na panahon, ang mga magulang ay kakailanganin na gumawa ng mga kahaliling pag-aayos para sa kanilang mga anak. Ito ay hindi isang pasya na magaan naming ginawa at aming ginalugad ang bawa't posibleng plano kung anuman ang maaaring mangyari upang panatilihin na bukas ang mga paaralan. Ang pangangasiwa sa mag-aaral at kaligtasan ang aming mga pangunahing prayoridad at kung wala ang mahahalagang serbisyo ng mga batay-sa-paaralang empleyado, hindi namin magagarantiyahan na ang aming kapaligiran sa pag-aaral ay mananatiling ligtas at malinis para sa lahat ng mga mag-aaral.

Ang mga empleyado, na kasapi ng CUPE, ay nagbibigay ng kritikal na mga pang-araw-araw na serbisyo, kabilang ang (nguni't hindi limitado sa):

- kaligtasan at seguridad ng gusali at bakuran ng paaralan;
- pangangasiwa sa silid-kainan;
- suportang pang-edukasyon para sa mga buong araw na silid-aralan ng kindergarten;
- pangangasiwa at suporta para sa mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan;
- pagsusuri ng ligtas na tubig;
- paglilinis ng banyo at bukal na inuman ng tubig;
- mga operasyon ng sistema ng pagpapainit; at
- mga programa sa ligtas na pagdating.

Sa panahon ng aksyon sa trabahong ito, lahat ng mga hindi-CUPE na empleyado ay magpapatuloy na mag-ulat sa trabaho sa mga paaralan at mga sentrong pang-administratibo.

Karagdagan sa pagsasara ng mga paaralan para sa mga mag-aaral, ang mga sumusunod na programa at mga serbisyo ay maaapektuhan kung sakaling umpisahan ang aksyon ng pagwewelga sa Lunes:

## **Ikatlong Partidong Mga Lisensiyadong Namamahala ng Pangangalaga ng Bata sa mga Paaralan ng TDSB**

Sa panahon ng buong aksyon ng pagwewelga kapag ang mga paaralan ay sarado sa mga mag-aaral, ang mga ikatlong partidong namamahala sa pangangalaga sa bata na nasa mga paaralan ng TDSB ay hindi pahihintulutan na manatiling bukas. Gayunpaman, ang mga oras ng pagpapatakbo ay inayos sa alas **8 ng umaga hanggang alas 4:45 ng hapon**. **Mahalagang tandaan na ang desisyon na magbukas o magsara ay gagawin ng mga indibidwal na tagapamahala sa pangangalaga ng bata. Mangyaring makipag-ugnay nang direkta sa inyong tagapamahala sa pangangalaga ng bata upang kumpirmahin at para sa higit pang impormasyon.**

Ang karamihan sa mga serbisyong ibinigay ng mga lisensiyadong namamahala sa pangangalaga ng bata ay hindi direktang maaapektuhan ng welga ng CUPE. Gayunpaman, ang mga ilan sa mga empleyado ng TDSB CUPE ay may mga tungkulin na kaugnay sa pagbubukas at pagsasara ng mga pasilidad sa pangangalaga ng bata. Sa pagkakaroon ng limitadong mga kawani ng pamamahala upang gampanan ang mga tungkulin na ito, ginagawa namin ang aming makakaya upang panatilihin bukas ang mga operasyon ng pangangalaga sa bata, ngunit may limitadong oras ng pagpapatakbo.

## **Mga Pinalawig na Araw na Programa ng TDSB**

Sa panahon ng buong aksyon ng pagwewelga kapag ang mga paaralan ay sarado sa mga mag-aaral, ang mga pinamamahalaan ng TDSB sa Pinalawig na Araw na Programa ay isasara rin sa lahat ng mga pamilya. Ang serbisyo sa pangangalaga ng bata ay pinapatakbo ng mga empleyado ng CUPE. Ang mga kuwintang ibinayad ay isasauli sa mga magulang/tagapag-alaga para sa anumang pagsasara sa oras ng pagkagambala sa trabaho. [Tingnan ang buong listahan ng mga pinamamahalaan ng TDSB sa mga Pinalawig](#) na [Araw na Programa](#).

## **Mga Permis**

Sa panahon ng buong aksyon ng pagwewelga, ang lahat ng mga [permiso](#) sa paaralan ay ikakansela, kabilang ang awtorisadong mga programang panlibangan.

## **Patuloy na Edukasyon**

Sa panahon ng buong aksyon ng pagwewelga, ang lahat ng mga klase ng nagpapatuloy na edukasyon ay ikakansela. Kabilang dito ang [Adult ESL](#), [Adult High Schools](#), [Credit Programs](#), [Community Programs/Learn4Life](#), at [International Languages Elementary/African Heritage](#).

## **Mga Pulong**

Ang mga sumusunod na pagpupulong ay kakanselahin sa panahon ng buong aksyon ng pagwewelga: mga pulong ng konseho ng paaralan, mga pulong ng lupon ng tagapayo at mga pagtitipon ng ward.

Habang ang TDSB ay hindi direktang kasangkot sa mga negosasyon sa lalawigan, ang Lupon ay nananatiling umaasa na ang isang bagong kasunduan ay maabot bago mag-Lunes, Oktubre 7,

2019. Kung ang isang kasunduan ay maabot, ang mga paaralan ay magbubukas gaya ng dati sa Lunes.

Kami ay nakatalagang magbigay ng isang update sa lahat ng mga magulang/tagapag-alaga sa katapusan ng linggo.

Para sa mga patuloy na update at pinakahuling impormasyon, mangyaring patuloy na mag-tsek sa [www.tdsb.on.ca/labour](http://www.tdsb.on.ca/labour) at sundan sa [@tdsb](https://twitter.com/tdsb) sa Twitter.